4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 2

Aralin

6

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 2: Aralin 6 Linggo 7**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Venicris M. Alonsozana

**Tagasuri:** Liza T. Bacierra

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.


**GMRC/ KUWARTER 2 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapatatag sa mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga pakikilahok sa mga gawain na nagpapatatag ng mga kaugaliang Pilipino bilang tanda ng pagmamahal sa bayan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagtugon sa pagpapatatag ng mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino.<br><br>1. Nailalarawan ang mga kalagayan ng pagpapatatag ng mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino.<br><br>2. Naipapaliwanag na ang pagpapatatag sa mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino ay nagpapalakas ng damdaming makabayan.<br><br>3. Naisasakilos ang mga pakikilahok sa mga gawain na nagpapatatag ng mga kaugaliang Pilipino. |
| **D. Nilalaman** | Pamilyang Pilipino bilang Instrumento ng Pagpapatatag ng Pagmamahal sa Bayan |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Pagmamahal sa Bayan (*Love of Country*) |
| **F. Integrasyon** | Pangunahing Pagpapahalaga *(Core Values)* ng Kagawaran ng Edukasyon. |

| **II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto** | Mga sangguniang gagamitin sa aralin:<br><br>Lexaardiflores (2020, October 29). *Basahin ang maikling dula tungkol sa Pamilya.* Retrieved on October 19, 2023 from https://brainly.ph/question/5853454<br><br>Llego, M.A. (2023). *DepEd Vision, Mission, Mandate, Core Values and Organization Structure.* Retrieved October 20, 2023 from https://www.teacherph.com/deped-vision-mission/<br><br>StudeerSnel B.V. (2023). *Lesson 4. The Filipino Way.* Keizersgracht 424, 1016 GC Amsterdam, KVK: 56829787, BTW: NL852321363B01. https://www.studocu.com/ph/document/nueva-vizcaya-state-university/bsed-english/ethics-chapter-2-lesson-4/37694428<br><br>Villanueva, V.M. (2018). #*ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House |
|---|---|

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**<br><br>***(Mind & Mood)*** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>**Paglalarawan.** Ilarawan ang ginagawa ng mga sumusunod at sabihin ang pagkakatulad ng apat na larawan. | |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>A. Ano ang ginagawa ni Kuya?<br>____________________<br>____________________<br>B. Ano ang ginagawa ni Nanay at ni bunso?<br>____________________<br>____________________<br>C. Ano ginagawa ni Tatay?<br>____________________<br>____________________<br>D. Ano ginagawa ni Ate?<br>____________________<br>____________________<br><br>Ano ang pinapakitang pagkakatulad ng apat na larawan?<br>____________________<br>____________________ | Inaasahang sagot:<br>A. Nag-iigib<br>B. Naglalaba<br>C. Umiinom<br>D. Nagdidilig<br><br>Pagkakatulad: Kahalagahan ng tubig sa ating pamilya.<br><br>Bigyan diin at iugnay ang nakaraang aralin sa bagong aralin sa pagsasabi, “tungkulin ng pamilya ang pagpapanatili ng kalinisan ng tubig at ito’y mahalagang gawi sa pamilya. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin**<br>***(Aims)*** | **PANGHIKAYAT NA GAWAIN**<br><br>**Panuto.** Pagguhit ng "Family Tree" na nagsisimula sa sarili, paakyat sa mga Lolo at Lola.<br><br><br><br>Ano-anong magagandang gawi ang naituro sa iyo o iyong natutuhan mula sa iyong:<br>a. Ama<br>b. Ina<br>k. Tito o Tita sa panig ng iyong Ama<br>d. Tito o Tita sa panig ng iyong Ina<br>e. Lolo at Lola sa panig ng iyong Ama, at mga<br>g. Lolo at Lola sa panig ng iyong Ina<br><br>Ang pagtukoy ng mga magagandang gawing naituro at natutuhan sa pamilya, ang:<br>● maglalarawan at mag-uugnay kung paano ang kaugaliang Pilipino ay napapatatag sa loob ng pamilya; | Gumuhit ng kani-kaniyang "*Family Tree*" ayon sa halimbawang nakasaad sa panghikayat na gawain.<br><br>Sa pagbabahagi ng mga mag-aaral, maaaring tawagin ang pinakamatanda sa klase upang mauna hanggang sa pinakabata ang edad bilang panghuli. |

| | | |
|---|---|---|
| | ● magpapaliwanag kung paano na~~i~~papatatag ang mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino tungo sa pagpapalakas ng damdaming makabayan; at<br>● magsasakilos sa mga iba't ibang gawaing pakikilahok na nagpapatatag ng mga kaugaliang Pilipino.<br><br>**PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br>Mga halimbawa ng mga kalagayang nagpapatatag sa mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino at nagpapalakas ng damdaming makabayan o pagmamahal sa bayan:<br>a. Iginagalang ang mga sagradong lugar.<br>b. Iginagalang ang relihiyosong paniniwala ng iba.<br>k. Iginagalang ang watawat at pambansang awit.<br>d. Isinasaalang-alang ang pakikibahagi sa ~~e~~spirituwal na mga gawain.<br>e. Itinataguyod ang pagpapahalaga at pagpapahusay ng mga wikang Filipino.<br>g. Itinataguyod at iginagalang ang dignidad at pagkakapantay-pantay ng lahat kabilang ang mga may espesyal na pangangailangan.<br>h. Kinikilala ang sarili bilang isang Pilipino.<br>i. Kinikilala at iginagalang ang mga tao mula sa iba't ibang pang-ekonomiya, panlipunan, at kultura.<br>l. Mga boluntaryong pagtulong sa iba sa oras ng pangangailangan.<br>m.Nagbibigay-daan sa iba na magkaroon ng interes at pagmamalaki sa pagiging Pilipino.<br>n. Nagpapakita ng malasakit ng saloobin sa kapaligiran.<br>ng.Nagpapakita ng paggalang sa lahat.<br>o. Nagpapakita ng pagkamausisa at kahandaang matuto tungkol sa iba pang mga paraan upang ipahayag ang ~~e~~ispirituwal na buhay.<br>p. Nagsasanay sa pamamahala ng basura.<br>r. Nagtitipid ng enerhiya at mga napagkukunan ng likas na yaman.<br>s. Nililinis ang mga kagamitan, pasilidad, at kagamitan sa paaralan.<br><br>Ang mga nabanggit na halimbawa ay nagpapahiwatig ng apat na uri: Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan at Makabansa. | Isa-isang babasahin ng mag-aaral sa pamamagitan ng Sabayang-Bigkas at tatanungin ng guro ng malakas: Ginagawa ba ng pamilya mo ito?<br><br>Pagkatapos basahin ng lahat, pangkatin ang mga mag-aaral.<br><br>Maghanda ng mga papel na nakasulat ang mga "Tamang Sagot" sa bawat uri.<br><br>Unahan sa paglagay ng tamang sagot sa pisara<br><br>Tamang sagot:<br>a. A l. B<br>b. A m. D |

| | | |
|---|---|---|
| | Suriin ulit mula "a" hanggang "s" at tukuyin ayon sa inyong palagay kung ano ang kanilang tinutugma. Isulat ang "A" para sa Maka-Diyos, "B" para sa Makatao, "K" para sa Makakalikasan, at "D" para sa Makabansa.<br><br>Ang grupo ang magpapasya kung alin sa apat (4) na uri ang tumutugma sa mga halimbawa.<br><br>**PAGHAWAN NG BOKABULARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**<br><br>***Pass the message.*** Ipapabasa ng guro ang mensahe sa mag-aaral na nasa huling puwesto ng linya. Pagkatapos basahin ay ibubulong ang mensahe sa kamag-aral sa kaniyang harapan. Uulitin ito hanggang sa kamag-aral na unang nakapuwesto sa linya at isusulat sa pisara ang mensaheng ipinasa.<br><br><u>Unang Mensahe</u>:<br>*Ang kaligayahan ng pamilya ay nagtataguyod ng kapayapaan sa Lipunan.*<br><br><u>Ikalawang Mensahe</u>:<br>*Ang pagkamagalang ng pamilya ay nagtataguyod ng pagkamagalang sa lipunan.* | k. D n. K<br>d. A ng. B<br>e. D o. A<br>g. B p. K<br>h. D r. K<br>i. B s. K<br><br>Pangkatin ang mga mag-aaral, pumunta sa gitna ng silid, at bumuo ng tuwid na linya.<br><br>Isulat ang palagay nilang tamang sagot sa pisara.<br><br>Bilang buod, talakayin ang mga nabuong konsepto |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim**<br><br>***(Tasks and Thought)*** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**UNANG PAKSA:** Kahalagahan ng Pagpapatatag ng mga Gawain sa Pamilya ayon sa Kaugaliang Pilipino<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.**<br><br>**Dula-Basa.** Matapos isadula habang binabasa ang maikling dula tungkol sa pamilya, sagutin ang mga tanong sa Pinatnubayang Pagsasanay sa huling bahagi ng paksa. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Mga tauhan: Nanay, Anak (ate o kuya), Anak (bunso), Tatay, Lolo, Lola, Kasambahay, Anak ng Kapitbahay at Tagapagsalaysay.<br><br>*Tagapagsalaysay:* Sa loob ng bahay<br>*Ate o Kuya:* Yaya, puwede ba 'to kainin? Nagugutom na po ako eh.<br>*Kasambahay:* Nako para sa kapatid mo 'yan! Kakain na naman ng hapunan eh, sandali na lang.<br>*Tagapagsalaysay:* May tumama sa bubong<br>*Bunso:* Lola, narinig mo yung tumama sa bubong?<br>*Lolo:* 'Wag kang mag-aalala baka kahoy lang 'yan na nahulog dahil sa lakas ng hangin.<br>*Tagapagsalaysay:* May kakatok.<br>*Bunso:* Ako na!<br>*Lola:* May kumakatok ata. Baka tungkol sa bagay na bumagsak sa bubong natin iyan. Pakitingnan mo naman kung sino.<br>*Tagapagsalaysay:* Binuksan ang pintuan.<br>*Bunso:* Sino po sila?<br>*Kapitbahay (kasama ang kaniyang anak):* Ako po ang kapitbahay ninyo. Natamaan po ng anak ko ang inyong bubong dahil sa kakulitan niya.<br>*Tagapagsalaysay:* Ang pamilya Ledesma ay katulad lang ng ibang pamilya ngunit para sa kanilang mga kapitbahay sila na ata ang pinakamabait na pamilya sa barangay.<br>*Kapitbahay:* Naku, pasensiya na po. 'Yung anak ko po kasi naglalaro ng bato ngayon dahil sa lakas ng hangin tumama siya sa bubong ninyo. Di ko po alam kung may nasira.<br>*Ate o Kuya:* Manang, sila mama na lang po ang kausapin ninyo tungkol diyan. Mamayang gabi ho sila makakauwi.<br>*Kapitbahay:* Sige babalik nalang ako mamaya. Pakisabi nalang ang tungkol dito sa kanila. Salamat.<br>*Lolo:* Sino daw iyon, apo?<br>*Ate o Kuya:* Tama po si lola, tungkol nga sa pagtama sa bubong ito. Babalik na lang daw siya pag dumating na sila mama.<br>*Tagapagsalaysay:* Hindi pa man natatapos ang usapan ay dumating na ang hinihintay ng pamilya. | Mga inaasahang sagot sa susunod na Pinatnubayang Pagsasanay:<br>1. Ang mga tauhan sa dula ay ang pamilya Ledesma na binubuo ng nanay, anak (ate o kuya), anak (bunso), tatay, lolo, lola. May pagkakahintulad |

| | | |
|---|---|---|
| | *Bunso:* Nandiyan na sila mama!<br>*Tagapagsalaysay:* Papasok ang magulang.<br>*Tatay:* Mga anak nandito na kami. Tamang-tama lang ang dating namin para sa hapunan.<br>*Nanay:* Oh siya kain na tayo!<br>*Ate o Kuya:* Ano po yun? Puwede bang makausap ang magulang mo tungkol dito?<br>*Bunso:* Sige po. Pasok po.<br>*Nanay:* Ukol saan po ang gusto ninyong sabihin?<br>*Kapitbahay:* Tungkol po sa bubong ninyo, natamaan po ng anak ko, di ko pa nakikita kung may nasira man o nabutas ngunit babayaran ko naman ito.<br>*Tatay:* Nasabi nga po ng aking anak 'yan sakin. Tinignan ko po. Huwag po kayong masyadong mag-alala.<br>*Kapitbahay:* Nako pasensiya na po. Magkano po ba ang kailangan kong bayaran?<br>*Nanay:* Hindi na po kailangan. Hindi naman malakas ang tama kaya't hindi naman kami mapapamahal.<br>*Kapitbahay:* Nako marami pong salamat. Anak humingi ka ng tawad at magpasalamat.<br>*Anak ng kapitbahay:* Maraming salamat po. Pasensiya na sa nagawa ko.<br>*Lolo:* Okay lang iyon iho. Basta 'wag paglalaruan ang mga bato sa susunod ha.<br>*Tagapagsalaysay:* Kitang-kita nga naman ang pagiging mabait sa kapuwa ng pamilyang Ledesma. Dahil sa kanilang gawi, sila ang tinatawag na pinakamabait na kapitbahay sa barangay.<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY.**<br><br>**Panuto.** Sagutin ang sumusunod na mga tanong para sa malalim na pag-aaral:<br>1. Sino ang mga tauhan? May pagkakahalintulad ba ng kanilang mga kilos at gawi?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Ano ang naging suliranin sa dula? Paano ito hinarap ng pamilya Ledesma?<br>________________________________________<br>________________________________________ | ang kanilang mga kilos at gawi sa pagiging mabait at magalang na pamilya. Kasama rin sa dula ang kasambahay, anak ng kapitbahay, at tagapagsalaysay.<br>2. Ang naging suliranin sa dula ay ang pagkakatama ng bato ng anak ng kapitbahay sa kanilang bubong. Hinarap ng pamilya Ledesma ang suliranin ng may kahinahunan. Maayos nilang tinanggap ang paumanhin na ibinigay ng kanilang kapitbahay.<br>3. Nasabi na ang pamilya Ledesma ay tinawag na pinakamabait na kapitbahay sapagkat naging mabuti ang kanilang pagtanggap sa paumanhin na |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Bakit nasabi na ang pamilya Ledesma ay tinawag na pinakamabait na kapitbahay. Pangatuwiranan ito.<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY.**<br><br>**Pagbabahagi.** Bilang ganti sa kabutihan sa iyo ng iyong pamilya, anong mabuting gawi ang iyong ibibigay o gagawin sa iyong kapiling sa pamilya:<br>a. Ama<br>________________________________________<br>________________________________________<br>b. Ina<br>________________________________________<br>________________________________________<br>k. Tito o Tita sa panig ng iyong Ama<br>________________________________________<br>________________________________________<br>d. Tito o Tita sa panig ng iyong Ina<br>________________________________________<br>________________________________________<br>e. Lolo at Lola sa panig ng iyong Ama, at mga<br>________________________________________<br>________________________________________<br>g. Lolo at Lola sa panig ng iyong Ina<br>________________________________________<br>________________________________________ | ibinigay ng kanilang kapitbahay at hindi sila nagpakita ng anoumang galit o pagkainis sa nagawa ng anak ng kanilang kapitbahay.<br><br>Maaaring sagutin nang pagpapangkat.<br><br>Pipili ng mamumuno ng pangkat at isang tagatala.<br><br>Ibabahagi ng namumuno ang napag-usapan sa harap ng klase.<br><br>Huwag sagutan ang bilang kung ang nasa bilang ay hindi na kapiling ng mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG ARAW**<br><br>**IKALAWANG PAKSA: Mga Paraan ng Pakikilahok sa Gawaing Nagpapatatag ng Kaugaliang Pilipino**<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br><br>Pagsangguni sa apat na Pangunahing Pagpapahalaga (*Core Values*) ng Kagawaran ng Edukasyon.<br><br>Ipapaalam at isasapuso ng mag-aaral ang nakasaad sa Republic Act No. 8491 na ang ating apat na pangunahing pagpapahalaga ay "maka-Diyos, makatao, makakalikasan, at makabansa".<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>Mga halimbawa ng gawi na nagpapahiwatig ng apat na Pangunahing Pagpapahalaga *(Core Value)* ng Kagawaran ng Edukasyon:<br><br>Maka-Diyos: Iginagalang ang relihiyosong paniniwala ng iba<br>Makatao: Nagpapakita ng paggalang sa lahat<br>Makakalikasan: Pagmamalasakit sa kapaligiran<br>Makabansa: Iginagalang ang watawat at pambansang awit<br><br>Palagi o minsan ko bang ginagawa ang sumusunod? Matapat na lagyan ng markang tsek ang sumusunod:<br><br>Iginagalang ang relihiyosong paniniwala ng iba.<br>___*Palagi ko itong ginagawa* ___*Ginagawa ko minsan*<br><br>Nagpapakita ng paggalang sa lahat<br>___*Palagi ko itong ginagawa* ___*Ginagawa ko minsan*<br><br>Pagmamalasakit sa kapaligiran | Maghanda ng kopya ng RA No. 8491. Ilagay sa mesa at lahat ay lalapit, titingnan, at isusulat ang isang salitang lubos na kapansin-pansin.<br><br>Itatala ng guro ang mga sagot upang makita kung alin sa apat dapat bigyan ng lubos na pansin.<br><br>Isusulat sa pisara ang naitala ng guro kung alin sa apat na mahalagang pag-uugali (Core Values) ang dapat bigyan ng lubos na pansin.<br><br>Isulat ang sagot sa malinis na papel at idikit sa pisara. |

| | | |
|---|---|---|
| | ___*Palagi ko itong ginagawa* ___*Ginagawa ko minsan*<br><br>Iginagalang ang watawat at pambansang awit<br>___*Palagi ko itong ginagawa* ___*Ginagawa ko minsan*<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br><br>Pangunahing Pagpapahalaga *(Core Value)* na dapat bigyan ng lubos na pansin ayon sa resulta ng pagtatala: ___________________________<br><br>Ano ang dapat kong gawin upang mapanatili at mapabuti ang aking pag-uugali at gawing pagka___*(core value na naitala)*___?<br><br>Mga gagawin ko upang mapanatili at mapabuti ang aking pag-uugali at gawi ___(*core value na naitala)*___ para sa aking (mamili ng isa):<br>Sarili: _______________________________________________________________<br>Pamilya:_____________________________________________________________<br>Bansa:_______________________________________________________________ | |
| **D. Paglalahat**<br><br>***(Abstractions)*** | **IKAAAPAT NA ARAW**<br><br>**PABAONG PAGKATUTO**<br><br>**Paggawa ng poster.** Isulat ang mga pangungusap na ito:<br><br>Kapag ang isang bansa ay gumawa ng mabuti, ang mga pamilya ay magkakaroon ng maayos na gawi.<br><br>Ang isang bansa ay maaaring maging mahusay lamang kapag ang mga pamilya nito ay mahusay.<br><br>Ang kaligayahan ng pamilya ay ang nagtataguyod ng kapayapaan sa lipunan. | Pangkatin ang klase at gumawa ng poster sa isang *bond paper*. Isulat ang sumusunod na pangungusap at idikit sa dingding ng silid aralan. Maaaring gumuhit o maglakip ng mga larawan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang mga gawi at kaugalian ng pamilya ay nag-aambag sa katatagan ng lipunan.<br><br>Ang pagkamagalang ng pamilya ay nagtataguyod ng pagkamagalang sa lipunan.<br><br>**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**<br><br>**Tama o Mali.** Pagnilayan kung ang sumusunod ay mga halimbawa ng pagpapatatag ng pagmamahal sa bayan ng pamilyang Pilipino. Isulat sa patlang ang "Tama" kung ang pangungusap ay tama. Isulat sa puwang ang "Mali" kung ang pangungusap ay mali.<br><br>______1. Kapag ang isang bansa ay gumawa ng mabuti, ang mga pamilya nito ay magkakaroon ng maayos na gawi.<br>______2. Hindi nagkaroon ng kamalayan na ang isang bansa ay maaaring maging mahusay lamang kapag ang mga pamilya nito ay mahusay.<br>______3. Ang kaligayahan ng pamilya ay nagtataguyod ng kapayapaan sa lipunan.<br>______4. Hindi natatanto na ang patuloy na pagpapahalaga ng mga gawi at kaugalian ng pamilya ay nag-aambag sa katatagan ng lipunan.<br>______5. Ang pagkamagalang ng pamilya ay nagtataguyod ng pagkamagalang sa lipunan. | Mga tamang sagot:<br><br>1. Tama<br>2. Mali<br>3. Tama<br>4. Mali<br>5. Tama |
| **E. Pagtataya**<br><br>***(Tools for Assessment)*** | **PAGSUSULIT**<br><br>**Pagpipili**. Piliin ang tamang sagot sa mga pagpipilian.<br>___1. Iginagalang ang mga sagradong lugar.<br>a. Maka-Diyos b. Makatao k. Makakalikasan d. Makabansa<br><br>___2. Ginagalang ang espirituwal na paniniwala ng iba.<br>a. Maka-Diyos b. Makatao k. Makakalikasan d. Makabansa<br><br>___3. Nagpapakita ng pagmamalaki sa pagiging Pilipino. | Mga tamang sagot:<br>1. a<br><br>2. a<br><br>3. d |

| | | |
|---|---|---|
| | a. Maka-Diyos b. Makatao k. Makakalikasan d. Makabansa<br><br>___4. Nag-aalaga sa kapaligiran<br>a. Maka-Diyos b. Makatao k. Makakalikasan d. Makabansa<br><br>___5. Nagsasagawa ng mga karapatan at pananagutan ng isang mamamayang Pilipino.<br>a. Maka-Diyos b. Makatao k. Makakalikasan d. Makabansa<br><br>___6. Maka-Diyos<br>a. Gumagamit ng likas yaman sa makatwiran, matalino, at matipid na pamamaraan.<br>b. Nagpapahayag ng espirituwal na paniniwala.<br>k. Nagpapakita ng angkop na pag-uugali sa pagsasagawa ng mga aktibidad sa paaralan, komunidad, at bansa.<br>d. Sensitibo sa mga pagkakaiba ng bawat isa, ng panlipunan, at ng kultura.<br>___7. Makatao<br>a. Gumagamit ng likas yaman sa makatwiran, matalino, at matipid na pamamaraan.<br>b. Nagpapahayag ng espirituwal na paniniwala.<br>k. Nagpapakita ng angkop na pag-uugali sa pagsasagawa ng mga aktibidad sa paaralan, komunidad, at bansa.<br>d. Sensitibo sa mga pagkakaiba ng bawat isa, ng panlipunan, at ng kultura.<br>___8. Makakalikasan<br>a. Gumagamit ng likas yaman sa makatuwiran, matalino, at matipid na pamamaraan.<br>b. Nagpapahayag ng espirituwal na paniniwala.<br>k. Nagpapakita ng angkop na pag-uugali sa pagsasagawa ng mga aktibidad sa paaralan, komunidad, at bansa.<br>d. Sensitibo sa mga pagkakaiba ng bawat isa, ng panlipunan, at ng kultura.<br>___9. Makabansa<br>a. Gumagamit ng likas yaman sa makatwiran, matalino, at matipid na pamamaraan.<br>b. Nagpapahayag ng espirituwal na paniniwala. | 4. k<br><br>5. d<br><br>6. b<br><br>7. d<br><br>8. a<br><br>9. k<br><br>10. b |

k. Nagpapakita ng angkop na pag-uugali sa pagsasagawa ng mga aktibidad sa paaralan, komunidad, at bansa.
d. Sensitibo sa mga pagkakaiba ng bawat isa, ng panlipunan, at ng kultura.

___10 Makabansa
a. Mga paraan upang ipahayag ang espirituwal na buhay.
b. Nagbibigay-daan sa iba na magkaroon ng interes at pagmamalaki sa pagiging Pilipino.
k. Nagpapakita ng malasakit ng saloobin sa kapaligiran.
d. Nagpapakita ng paggalang sa lahat.

**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**

***J.S. From (Journal-Survey from Friday-Thursday).*** Bago matulog sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng kabaitan sa pamilya at sa sariling bayan.

| | *Fri* | *Mon* | *Tues* | *Wed* | *Thurs* |
|---|---|---|---|---|---|
| Naging mabait ako sa araw na ito sa aking pamilya (lagyan ng "tsek") | | | | | |
| Naging mabait ako sa araw na ito sa aking pamayanan, komunidad, o bansa (lagyan ng "tsek") | | | | | |
| Kabaitang ugali o tradisyon na aking ipinakita (puwedeng sabihing "wala") | | | | | |

Magsisimula ang tala sa Biyernes kung kailan natapos ang aralin. Walang takdang aralin sa Sabado at Linggo at itutuloy ito sa Lunes hanggang Huwebes lamang para sa susunod na bagong takdang aralin tuwing Biyernes.

Ang huling pagtatala ay may kaugnayan sa susunod na aralin tungkol sa kaugalian at tradisyon.

| F. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | |
|---|---|---|
| **G. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |